

Simulan ang proseso ng aplikasyon ngayong araw

- Bisitahin ang calgary.ca/driveways
- Kailangan ng tulong? Makipag-chat sa amin sa online
- Mag-aplay sa online 24/7

Maaari ka namin tulungan na gabayan sa mga proyekto na pagpapaunlad ng tahanan, kabilang kung anong mga pahintulot na kailangan upang gumawa ng bagong driveway, magpapalapad o humiling na magkaroon ng krosing sa driveway.



Bagong mga driveway, mga pagpapalawak at mga krosing

Maraming dapat isaalang-alang bago ka magdagdag o magpapalawak ng driveway upang lumikha ng dagdag na paradahan. Payagan kaming tulungan ka na gabayan kung ano ang maaaring kinakailangan ng lungsod bago ka kumuha ng kontratista o magbayad para sa mga materyales.

Kailan ako nangangailangan ng pahintulot?

Kadalasan, ang driveway ay **HINDI** nangangailangan ng pahintulot kapag:

- Pinapalitan mo ang isang legal na umiiral na driveway

Kadalasan, ang mga pag-apruba ng lungsod ay maaaring hilingin kung:

- Nagkakabit ng bagong driveway, o pagpapalawak ng umiiral na driveway
- Nagkakabit ng bagong krosing ng driveway para sa umiiral na driveway.

Ano ang dapat isaalang-alang bago ka mamuhunan?

- Ang aspaltado o kongkretong harapan na bakuran ay negatibong makaapekto sa kaanyuhan ng iyong kapitbahay, mga tumatawid at kaligtasan ng sasakyan, paradahan ng daan, paagusan ng tubig-bagyo at marami pa.
- Ang Batas ng Paggamit sa Lupa ng Lungsod (City's Land Use Bylaw) ay naghigpit sa lapad ng mga driveway sa komunidad, ang iyong aplikasyon ay maaaring hindi maaaprubahan.
- Ang mga may-ari ng bahay na nagpaparada ng kanilang mga sasakyan sa kanilang harapang bakuran ay maaaring sakop sa pagpapatupad, kapag may paglalabag sa Batas ng Paggamit sa Lupa.

Saan mag-aplay o matuto nang higit



Online

calgary.ca/driveways

Makipag-chat sa amin sa online



Sa pamamagitan ng telepono

403.268.5311



Sa personal

The City of Calgary

Planning Services Centre

Third Floor, Calgary Municipal Building

800 Macleod Tr. S.E.

Lunes hanggang Biyernes,

8:00 n.u. hanggang 4:30 n.h.

Bagong mga driveway at mga pagpapalawak

Bago ka mag-aplay para sa pahintulot ng pag-uunlad, bisitahin ang calgary.ca/driveways upang siguraduhin na ang iyong plano ay sumusunod sa katabing mga karsada at mga panuntunan para sa iyong komunidad.

Mag-aplay para sa pag-apruba ng pagpapalano ng lungsod:

- **Hakbang 1** - Tingnan ang listahan ng aming mga driveway upang malaman ang mga kinakailangan bago ka mag-aplay.
- **Hakbang 2** - Tingnan ang aming makakatulong na impormasyon at mga ilustrasyon upang tulungan ka na maihahanda ang iyong disenyo.
- **Hakbang 3** - Mag-aplay sa online, bisitahin ang calgary.ca/driveways.

Kapag naisumite na, ang iyong aplikasyon ay repasuhin ng Ang Lungsod sa loob ng 60 araw. Ang mga aplikasyon na inaaprubahan ng Lungsod ay inaanunso sa publiko. Ang mga desisyon ay maaaring maapela sa loob ng 21 araw sa Lupon ng Pag-apela sa Subdibisyon at Pag-uunlad.

Krosing ng driveway

Ang isang krosing sa driveway ay kung saan ang pribadong driveway ay sumasalubong sa daang publiko, na maaaring kabilang ang bangketa, maluwang na lansangan, gilid ng bangketa o kanal. Ang mga may-ari ng ari-arian na gustong ipababa ang gilid ng bangketa upang payagan ang akses ng sasakyan ay kailangan mag-aplay at ang mananagot sa gastusin.

Magsumite ng hiling na serbisyo para sa krosing ng driveway, bisitahin ang calgary.ca/driveways o kontakin ang 311.

Tandaan: Illegal ang maglagay ng mga materyales sa daan upang lumikha ng dahilig sa driveway.

Ang mga panganib kung mag-aapruba ng lungsod ay hindi makukuha

Kung ikaw ay walang mga pag-apruba para sa trabaho na sinimulan na o nakompleto na, ikaw ay kinakailangan na gumawa ng kilos na pagwawasto. Ang Lungsod ay palagi naghahanap ng pagtutupad bilang nangungunang panukala bago ang pagpapatupad, ngunit ang iba pang mga panganib ay maaaring kabilang:

- Sa pagkaroon ng mas maraming trabaho kaysa nauunang pinaplano o binabadyet
- Mga isyung pinansyal sa pagbebenta ng iyong ari-arian o gumagawa ng pag-angkin ng insyurans
- Mga tiket ng paglabag ay inisyu para sa hindi wastong mga pahintulot at mga pag-apruba
- Paghinto ng trabaho na kautusan na iniisyu sa ilalim ng Akta ng Pamahalaang Munisipyo

Maging ikaw ay nagkakabit ng bagong driveway o nagpapalawak ng umiiral na, ang pag-aapruba ay malamang kinakailangan bago ka magsimula.



Bagong driveway



Pagpapalawak ng driveway



Krosing ng driveway